ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Ispesyal na Isyu
Marso 29, 2016
www.philippinerevolution.net

# Kamtin ang mas malalaking tagumpay sa digmang bayan

**Mensahe ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa pagdiriwang ng ika-47 anibersaryo ng pagtatatag ng BHB**

Kami sa Komite Sentral at ang kabuuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ay nagpupugay sa mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa pagdiwang nito ng ika-47 anibersaryo. Pinupuri namin ang BHB sa pagsisilbing pangunahing sandata ng Partido at ng sambayanang Pilipino sa paglulunsad ng bagong-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan laban sa imperyalismong US at lokal na mapagsamantalang uri ng malalaking kumprador at panginoong maylupa, na ngayo'y pangunahing kinakatawan ng naghaharing pangkating Aquino.

Ang BHB ang pinakadakila, pinakamatatag at pinakaabanteng rebolusyonaryong armadong pwersa sa buong kasaysayan ng sambayanang Pilipino. Lumakas at nakapanaig ito sa mabalasik na paglaban sa 14 na taong pasistang diktadura. Pinangibabawan nito ang lahat ng planong kampanyang militar na pinakawalan ng mga huwad na demokratikong rehimeng kasunod ng rehimeng Marcos. Nakapagpunyagi ito sa 47 taon ng tuluy-tuloy na rebolusyonaryong pakikibaka na laban sa naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal.

Binabati namin ang BHB sa natipon nitong mga tagumpay mula nang ito'y itatag at lahat ng nakamit nito sa pagbigo sa Oplan Bayanihan nitong nagdaang mga taon. Pinararangalan natin ang lahat ng Pulang kumander at mandirigma sa kanilang pagsisikap at magiting na paglaban sa kaaway. Pinakamataas na pagpupugay ang ibinibigay natin sa mga martir at bayani ng rebolusyon.



Dapat mahusay nating lagumin at suriin ang ating mga karanasan upang humalaw ng mga positibo at negatibong aral, planuhin kung papaano tayo susulong base sa kasalukuyang lakas at ilatag ang mga tungkulin at paraan para pagkaisahin ang ating kapasyahan at kakayahang lumaban upang magkamit ng mas malalaking tagumpay.

Tiwala tayong makakamit ang mas malalaking tagumpay sa mga taong darating. Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal ay mas mabilis na lumalala. Nakamit na ng BHB ang pambansang lakas at panday na panday na sa pakikibaka na kaya nito ang mas malalaking hakbang tungo sa estratehikong pagkakapatas.



# Lumalala at bumubulusok sa bagong antas ang krisis ng pandaigdigang kapitalismo

ANG PANDAIGDIGANG KRISIS sa ekonomya at pinansya na sumiklab noong 2008 ay patuloy na nagbubunsod ng pandaigdigang depresyong maihahalintulad sa Great Depression noong dekada 1930. Nananatili ito dulot ng walang rendang paggigiit ng kaayusang neoliberal na palakihin ang tubo sa pamamagitan ng pagkaltas sa sahod, malawakang tanggalan, pagbawas sa mga panlipunang benepisyo at mga serbisyo, liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan, pribatisasyon ng mga pag-aaring estado, deregulasyon ng mga restriksyong panlipunan at pangkapaligiran, at denasyunalisasyon ng mga atrasadong ekonomya.

Upang lutasin ang krisis, ipinatupad ng mga kapitalistang bansang industriyal ang pagpapadami ng salapi at pautang, at ang paghihigpit ng sinturon sa kapinsalaan ng mamamayan. Subalit lalo nitong ibinaba ang konsumo at produksyon, pinalala ang krisis at nagbunsod ng panibagong matarik na pagbulusok. Hindi nito binuhay ang produksyon at empleyo sa US at ibang imperyalistang bansa. Paputa-putaki lamang nitong pinasigla ang mga pamilihan sa pinansya at itinaas ang produksyong panggera ng *military-industrial complex*.


ANG Bayan

Ispesyal na Isyu | Marso 29, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas


Sa China, ang bula ng mistulang walang hanggang paglawak ng suplay ng salapi at pautang, laluna para sa pribado at pampublikong konstruksyon, ay nagsimula nang maglaho sa pagkakaroon ng gabundok na di-mabayarang utang ng lokal na gubyerno at mga korporasyon. Ibinababa nito ang pandaigdigang tantos ng paglago ng ekonomya. Ang krisis sa pampublikong utang sa European Union ay lumalala at hindi mapahupa ng pagpapalawak ng suplay ng pera at pautang. Ang tangka ng US na itaas ang halaga ng dolyar sa pamamagitan ng pagtataas ng interes sa pautang ay nagpapalaki ng utang na dolyar ng mga atrasadong bansa.

Ang lumalalang krisis ng pandaigdigang kapitalismo ay humantong sa pagtataas ng produksyong panggera, terorismo ng estado at militarisasyon ng pulis, ang paglaki ng deployment ng mga tropang US sa ibayong dagat at mga gerang agresyon. Syria ngayon ang sentro ng buhol-buhol na gera sa pagitan ng US sa panig ng mga pwersang laban sa gubyernong Assad at Russia sa panig ng gubyernong Assad.

Sasagasaan ng US ang lahat para wasakin ang upang ibagsak ang gubyernong Assad tulad ng pagbabagsak sa mga gubyernong Milosevic, Saddam at Qaddafi sa kanilang mga bansa. Gagamitin ng US ang may kundisyong tigil-putukan nito sa Russia para palakasin ang tinaguriang Free Syrian Army sa di kapani-paniwalang dahilan ng paglaban sa Al Nushra at sa Daesh (ang tinaguriang Islamic State o IS). Kasabay nito, patuloy ang Turkey sa pagsalakay sa mga Kurd ng Syria at sa pakikipagsabwatan sa Daesh laban sa mamamayang Kurd.

Walang katapusan ang dugtung-dugtong na gerang ibinunsod sa Middle East ng mga imperyalistang US, Zionistang Israel at NATO. Determinado silang ibagsak ang mga gubyerno ng Syria at Iran at hayaan ang Zionistang Israel na supilin ang mamamayan ng Palestine. Kasabay nito, patuloy na sumisiklab ang mga gera ng mga magkatunggaling relihiyon at grupo sa Iraq, Libya, Egypt, Tunisia, Yemen, Sudan at Mali.

Dahil sa serye ng mga gerang agresyon at *proxy* na pinakawalan ng US at NATO, laluna sa Middle East at Africa, milyun-milyong refugee ang dumadagsa sa Western Europe at iba pang imperyalistang bansa. Ang mga neopasista, sobinista, rasista at mga panatikong relihiyoso ay nagsisilbi sa malalaking burgesya sa brutal na pagtrato sa mga refugee at pagbunton sa kanila ng sisi sa lumalalang krisis ng kapitalismo.

Sa buong mundo, isinasagawa ng US at iba pang imperyalistang kapangyarihan ang pinakamalalang anyo ng pandarambong sa lipunan at kalikasan. Sinisira ng mga neoliberal na patakaran sa ekonomya at pag-init ng mundo ang buhay ng bilyun-bilyong mamamayan at nagbubunsod ng mga kaguluhang panlipunan, dislokasyon at malawakang migrasyon.

Ang Russia ay patuloy na ginigipit ng US at mga bansa sa G7 sa pamamagitan ng mga parusang pang-ekonomya at ng paglawak ng NATO sa mga hangganan ng Russia sa pamamagitan ng mga kalapit na rehimeng anti-Russia, tulad ng Ukraine. Sinisikap ng US na sirain ang relasyon ng Russia at ng ma-

konsumo-sa-enerhiyang Germany at ang pagbubuo ng blokeng pang-ekonomyang Eurasian. Subalit ang pang-uupat ng US ay lalo lang nagtulak sa Russia at China na palakasin ang kanilang relasyon.

Hindi pa nasapatan sa dami ng nilikha na nitong kaguluhan sa napakaraming rehiyon at bansa, patuloy pang itinutulak ng US ang Trans Pacific Partnership Agreement (TPPA) at ang estratehikong pagpihit nito sa rehiyong Asia-Pacific upang kahunin ang China. Mistulang inuupat ng China ang US na magpalaki ng pwersang militar nito sa East Asia sa kakatwang "nine-dash" na teritoryong inaangkin nito sa South China Sea. Kasabay nito, itinayo nito ang Asia Infrastructure Investment Bank upang pondohan ang ambisyoso nitong proyektong Silk Road and Belt.

Ginagamit ng Russia at China ang BRICS bilang bloke sa ekonomya at ang Shanghai Cooperation Organization bilang blokeng panseguridad. Sila'y hayagang para sa mundong multipolar laban sa hegemonya ng US. Hinahamon nila ang US sa pantasya nitong unipolar na hegemonya sa ika-21 siglo at ipinamumukha rito ang lumalalang estratehikong paghina sa kabila ng pagiging agresibo nito. Naging napakalinaw nang ang ganap na pagbalik ng Russia at China sa kapitalismo ay nagbunsod ng mas maraming krisis at kaguluhan para sa pandaigdigang sistemang kapitalista.

Bumilis ang estratehikong paghina ng US dahil sa sobrang pagkabatak sa imperyalistang pananakop, pinansyalisasyon, matarik na pagbagsak ng manupaktura at palagiang malawakang disempleyo, ang pagnipis ng panggitnang uri, pagkabulok ng mga serbisyong panlipunan, paglawak ng kahirapan at maling paglaan ng yaman sa produksyong panggera, dayong mga base militar at mga gerang agresyon.

Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay patuloy na lalala at ibayong magtutulak sa mga kapangyarihang imperyalista sa madugong sagupaan para sa panibagong hatian sa mundo. Ang tunggaliang interimperyalista ay nagbubunsod ng kundisyong paborable para sa muling pagbangon ng mga rebolusyonaryong pwersa ng proletaryado at aping mga mamamayan at bayan.

## Lumalalang krisis ng naghaharing sistema sa Pilipinas

SA PAGIGING MALAPYUDAL at malakolonyal, ang lipunang Pilipino ay palagiang may krisis sa ekonomya, lipunan at pulitika. Sanhi ng pagpataw ng US ng kaayusang neoliberal at mga patakarang panseguridad, ang palagiang krisis na ito ay pinalala at pinalalim at higit na hinati pa ang lipunang Pilipino ng tumatalas na mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo at ginawang mas matabang lupa para sa armadong rebolusyon.


Lalong walang pakundangang nilapastangan ang pambansang soberanya ng sambayanang Pilipino ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) na nagpapahintulot sa mga base militar ng US sa Pilipinas at nag-oobliga sa mga papet na reaksyunaryong sandatahang pwersa na magsilbing mga guwardyang perimetro sa loob ng sarili nitong lugar.

Higit pang pinalawak ng EDCA ang lisensyang ekstrateritoryal ng pwersang militar ng US sa ilalim ng Visiting Forces Agreement (VFA) para magkaroon ng presensyang naghahalinhinan sa teritoryo ng Pilipinas at maagang maipuwesto rito ang lahat na ng klase ng mga armas, kabilang na ang mga sandata ng malawakang pamumuksa. Sa ilalim ng EDCA, kumuha ang US ng limang base militar sa Pilipinas bilang panimula. Kakumbina ng VFA, ang EDCA ay instrumento ng panghihimasok militar at higit pa para sa lantarang agresyon laban sa sambayanang Pilipino at mga kanugnog na bayan.

Noon pa man, sangkot ang US sa pinakalantarang anyo ng panghihimasok militar. Mayroon itong tuwirang papel sa pagdisenyo at pagpapatupad ng mga estratehikong planong pang-operasyon tulad ng Oplan Bayanihan batay sa US Counterinsurgency Guide. Sinaklaw pa ng interbensyong militar ng US ang partisipasyon ng mga tagapayo, tagasanay at mga pangkat, at ang paggamit ng pang-espiyang mga *satellite* at eroplanong pansurbeylans laban sa BHB at iba't ibang mga hukbo ng mamamayang Moro.

Walang humpay ang pananalakay sa soberanya sa ekonomya ng Pilipinas at sa pambansang patrimonya sa ilalim ng di-pantay na mga kasunduan at batas sa ekonomya at kalakalan na nagpapahintulot ng 100% dayuhang pag-aari sa minahan, bangko at mga empresa sa kalakalan. Tuluy-tuloy ang pakanang amyendahan ang konstitusyong 1987 ng GRP (Gubyerno ng Republika ng Pilipinas) para mapahintulutan ang mga dayuhang korporasyon na magmay-ari ng iba pang mga empresa nang hanggang 100%.

Mula 2014, pinabayaan ng reaksyunaryong pamahalaan na matapos ang Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms (CARPER) at walang gina-



wang anumang hakbang para maghain ng isa pang pekeng programa sa reporma sa lupa. Ang ipinataw ng US na kaayusang neoliberal ay humahadlang sa papet na estado na pagtibayin anumang patakaran na babawas sa umano'y karapatan ng mga may-ari na hawakan pa rin ang kanilang lupa at mga ari-arian at ibenta ang mga ito nang boluntaryo sa pamamagitan ng mga transaksyong komersyal.

Ang walang habag at brutal na paninindigan ng reaksyunaryong estado ay bigyang-laya ang mga korporasyong dayuhan at lokal na mag-angkin ng malalawak na lupain para sa mga minahan, plantasyon, ispekulasyon sa *real estate* at pagtotroso sa ngalan ng tamang pangangalaga sa kagubatan. Samakatwid ang mga operasyong pang-aagaw ng lupa para maghukay ng mga mineral, magtayo ng mga plantasyon para sa produksyong pang-eksport at pabahay ay malawakan at laganap.

Ipinagmamalaki ng rehimeng US-Aquino na naitaas nito ang GDP (Gross Domestic Product) ng Pilipinas sa PhP15 trilyon, nalimita ang utang publiko sa PhP6.4 trilyon na maliit na bahagi ng gayong GDP at natamo ang abereyds na 6.2% taunang tantos ng pag-unlad mula 2010, na umano'y lagpas sa lahat ng naunang mga rehimen. Itinaas ng rehimen ang utang publiko nang PhP4.16 trilyon sa loob ng kulang sa na anim na taon, hinigitan ang lahat ng nakaraang rehimen mula kay Marcos, sa paghahabol sa labis-labis na utang para sa korupsyong *pork barrel* at gastusing kontra-industriya.

Ipinagmamalaki ng rehimen na ang Pilipinas ay naging bayang "bagong nag-iindustriyalisa" at di maglalao'y maaabot ang katayuang "first world." Ngunit kung titingnan ang laman ng GDP, wala tayong makikitang salik para sa kaunlarang industriyal ng ekonomya. Ang sektor sa serbisyo na pre-industriyal ay bumubuo ng 57% ng *national output value*; ang industriyang nakasalalay sa pag-angkat ay 15% at ang agrikultura ay 32%.

Lahat ng sektor ay umaasa sa mga inaangkat na kagamitan at utang panlabas at nakatuon sa konsumo. Sa usapin ng paggastos o *end-use*, ang bahagi ng pribadong konsumo ay 71.5% at ang sa gubyerno ay humigit-kumulang 10.2%. Ang maliit na 18.3% na bahagi ng pamumuhunan ay binubuo ng mga operasyong negosyo tulad ng mga *call centers*, minahan, konstruksyon, mala-manupaktura, pagkain at inumin, pinansya at mga katulad pa.

Di karaniwan ang laki ng bumuhos na pamumuhunang *portfolio* (labas-masok na kapital) sa mahabang panahon ng paghahari ng rehimeng Aquino, na bumubuo nang mahigit 65% sa kasagsagan ng pagpasok ng kapital noong 2012-2014. Ngunit nagsimula itong lumabas mula 2014, na nagbunga ng depisito sa BOP *(balance of payments)* na mahigit USD3 bilyon. Ang ganitong mga pamumuhunan ay hindi nakapagtatayo ng mga plantang pang-manupaktura, kundi napupunta sa mga pamilihang pinansyal. Tumulong ito sa paglikha ng ilusyon ng umuunlad na ekonomya. Sa paglabas ng kapital, lalong nalalantad ang mapanglaw na katotohanan ng kawalang kaunlaran, mataas na antas ng disempleyo, pumapaimbulog na presyo ng mga batayang bilihin at serbisyo, malubhang di pagkakapantay-pantay, malawakang kahirapan, depisito sa badyet at kalakalan, at lumalaking utang.

Ipinagmamalaki ng reaksyunaryong gubyerno ang mababang humigit-kumulang 6.5% na tantos ng disempleyo at 20% kulang ang trabaho noong 2015. Malaking kasinungalingan ito. Karamihan sa sinasabing may hanapbuhay katunaya'y walang trabaho, tali sa gawaing bahay o mga trabahong mababang sahod sa loob ng ilang oras sa isang linggo. Ang ipinangangalandakang mataas na bilang ng manggagawang kontraktwal sa ibayong dagat na tinatayang mahigit 12 milyon ay 20 porsyento ng 60 milyong kabuuang lakas paggawa at naglalantad sa kawalang-kakayahan ng ekonomya sa Pilipinas na magbigay ng trabaho at bumubuo sa malaking bahagi ng disempleyo. Kahabag-habag ang kahirapan ng 66 milyong mamamayan na nabubuhay sa PhP125 o mas mababa pa kada araw.

Lalong lumalala ang krisis sa lipunan at ekonomya at nagbubunsod ng dumaraming kilos-protesta, pampulitikang ligalig at armadong rebolusyonaryong paglaban. Ngunit sa kasalukuyang paligsahang eleksyon sa pagkapresidente na itinatanghal ng naghaharing sistema, walang pangunahing kandidato sa pagkapresidente, partido o koalisyon (liban sa koalisyong Makabayan ng mga progresibong grupong *party-list*) ang naghahapag ng komprehensibong programa sa pulitika na naghahangad at nagtataguyod sa pambansang kasarinlan, demokrasyang bayan, kaunlarang ekonomiko sa pamamagitan ng reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, katarungang panlipunan, makabayan at progresibong kultura, libreng edukasyong publiko at internasyonal na solidaridad para sa kapayapaan at kaunlaran laban sa imperyalismo at reaksyon.

Ang prosesong elektoral ay kontrolado ng mga interes na da-



yuhang monopolyo, malalaking kumprador at panginoong maylupa. Pangunahing binabakuran sa pamamagitan ng kapangyarihan ng estado, pinansya at propaganda ang mga kinatawan ng mga manggagawa at magsasaka. Samakatwid, hindi maaasahang ang eleksyong 2016 ay magsisilbing instrumento para sa anumang signipikanteng pagbabago ng lipunan. Pinakamasahol sa eleksyong ito ang mataas na probabilidad o katiyakan pa nga na ang resulta ay itinakda ng rehimeng US-Aquino at ng CIA (Central Intelligence Agency) ng US sa dekompyuter na sistemang elektoral ng Smartmatic. Kaya may kumpyansa ang naghaharing partido, ang Partido Liberal, sa pagwawagi ni Mar Roxas bilang susunod na presidente at magpapatuloy sa patakarang neoliberal at kontra-rebolusyon.

Marami ang umaasang magkakaroon ng kaguluhan sa ekonomya, lipunan at pulitika sa mga buwan at taon makalipas ang eleksyong 2016. Magsasanib ang tumitinding krisis sa lipunan sa matinding galit na ibubunsod ng dinayang paghalal ng presidente at pagpapatuloy ng mapang-api at mapagsamantalang patakaran ng sirang-sirang rehimeng US-Aquino. Bahagi ng krisis sa pulitika hindi lamang ang protesta sa kalsada ng malawak na masa ng mamamayan kundi pati ang magkakasabay na pagputok ng armadong paglaban ng BHB at ng mga hukbo ng Bangsamoro.

Ang pagpapalawig ng rehimeng US-Aquino sa pamamagitan ng rehimeng Mar Roxas ay hindi paborable para sa muling pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at ng reaksyunaryong gubyerno. Anu't anuman, ang mabilis na lumalalang krisis ay tutulak sa sinumang uupong bagong rehimen na isaalang-alang sa usapang pangkapayapaan bilang paraan para maharap ang krisis at ang daluyong ng armadong rebolusyon sa buong kapuluan. Pinakamalalang mangyayari sa naghaharing sistema ay ang sabayang paglunsad ng mga opensiba ng BHB at mga hukbo ng Bangsamoro.

Patuloy na nanindigan ang NDFP para sa tigil-putukan at pakikipag-alyansa laban sa mga buktot na pwersa ng dayuhan at pyudal na paghahari, kahit binubuo pa ang mga komprehensibong kasunduan para sa batayang reporma sa lipunan, ekonomya at pulitika para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Kung wala ang mga komprehensibong kasundan na ito, hinihingi ng mamamayang Pilipino sa BHB na manatiling ganap na armado, mapagbantay at handang lumaban sa mga salungat na puwersa ng pambansang pagtataksil at kontra-rebolusyon.

# Ang hukbong bayan at mapanlabang mga tungkuling nito




MULA NOONG NAKARAANG TAON, matitindi ang pagbigwas ng Bagong Hukbong Bayan sa mga pwersa ng kaaway sa Mindanao, Visayas at Luzon. Inilantad ng mga ito ang napakalalaking kabulaanan ng rehimen na ang BHB ay lumiit na sa iilang libo mula sa gawa-gawang rurok na 25,000 noong 1985-86. Sa katunayan ay 5,600 lamang ang lakas ng BHB noon. Ngayon, higit nang lumaki ang BHB na may mga Pulang mandirigmang mas mahusay ang pagsasanay at sandata. Pinalalawak ito ng milisyang bayan na may puu-puong libong kasapian at ng mga yunit pananggol-sa-sarili ng mga organisasyong masa ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan at kabataan na may daan-daan libong kasapian.

Kumikilos ang mga yunit ng BHB sa mga larangang gerilya sa ilalim ng mga kumand sa rehiyon at subrehiyon na sumasaklaw ng malalawak na erya sa mahigit 71 lalawigan sa daan-daang munisipalidad at libu-libong barangay. Tinatamasa nila ang aktibong suporta ng milyun-milyong mamamayan sa mga organisasyong masa at sa ilalim ng pamamahala ng mga rebolusyonaryong organo ng kapangyarihang pampulitika. Malaya silang nakakikilos sa 80% ng teritoryo ng Pilipinas habang ang armadong pwersa ng kaaway ay nakakayanang sumakop o kumontrol ng 10% lamang sa alinmang panahon.

Pinamumunuan ng Partido ang BHB bilang prinsipal na instrumento ng proletaryo at ng mamamayan sa paglulunsad ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Pinanghahawakan nito ang hukbong bayan kasabay ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente. Pinaglalangkap nito ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa tunay na reporma sa lupa at pagtatayo ng baseng masa.

Ganap na nabigo ang rehimeng US-Aquino sa paggapi o pagpapawalangsaysay sa BHB, gamit ang Oplan Bayanihan at mga sangkap na programa nito tulad ng PAMANA at

*conditional cash transfer* (4Ps). Ang pangmatagalang tigil-putukan sa Moro National Liberation Front (MNLF) at Moro Islamic Liberation Front (MILF) ay nagbigay ng pagkakataon sa rehimen na magtalaga ng dagdag na tropa laban sa BHB. Gayunpaman, hindi lamang ito nabigong pigilan ang paglaki ng BHB kundi lumikha rin ng mas maraming pagkakataon para maglunsad ang mga yunit ng BHB ng mga taktikal na opensiba laban sa kaaway.

Mas lumakas ang BHB sa pamamagitan ng pagpapaigting nito ng mga taktikal na opensiba. Nagkamit ito ng mga tagumpay sa paglulunsad ng masinsin at malaganap na pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Mula sa bawat buwan sa taun-taon, ang mga Pulang kumander at mandirigma ay mulat sa pagsusulong tungo sa pambansang pag-unlad ng estratehikong depensiba tungo sa estratehikong pagkakapatas.

Sa Oplan Bayanihan, ikinonsentra ng rehimeng US-Aquino ang kanyang pwersa sa silangang Mindanao at ilan pang prayoridad na target sa Luzon at sa Visayas. Ito ay kumapit at umasa sa imposibleng pangarap na sa pagwasak ng BHB sa gayong mga lugar, makakamit nito ang katapusang estratehikong tagumpay sa BHB sa pambansang saklaw bago magtapos ang panunungkulan ni Aquino sa 2016. Gayunpaman, kapag kinokonsentrahan ng mga tropa ng kaaway ang BHB saanmang lugar, sinasagupa sila ng mga Pulang kumander at mandirigma sa mga kontra-kubkob at kontra-opensiba. Sa ibang lugar, inaagaw ng mga yunit ng BHB ang inisyatiba upang makuha ang opensiba laban sa mga yunit ng militar, pulis, paramilitar at mga ahensyang panseguridad ng mga nanlalabang empresa.

Natutunan ng BHB sa pamamagitan ng pagsasanay na pulitiko-militar at aktwal na labanan kung paanong aalisan ng bisa ang kalamangan ng kaaway sa kagamitan at bilang ng tauhan. Kinakalap nito ang tumpak na impormasyon sa deployment ng armadong tauhan ng kaaway, tinitiyak ang pinakamahina nilang mga bahagi at inilulunsad ang tanging mga opensibang tiyak na maipagtatagumpay. Kailan gustuhin ay kaya ng BHB na tipunin ang nakalalamang na pwersa laban sa isang bahagi ng kaaway upang durugin ito. Sa maraming lugar na kinikilusan ng BHB, walang kolum ng kaaway ang makasusulong sa isang larangan o sonang gerilya nang walang posibilidad na salubungin ng *command-detonated land mine*, pag-isnayp o isang ganap na ambus ng mga yunit ng BHB.

Nakaipon ng lakas ang BHB sa pamamagitan ng pag-agaw ng armas mula sa mga pwersa ng kaaway sa mga ambus, reyd sa mahihinang bahagi at mga armori, at mga operasyong pagdakip. Sa pagdami ng hawak nitong armas, nagbubuo ang BHB ng dagdag na mga panlabang yunit, binibigyan sila ng pagsasanay na pulitiko-militar at itinatalaga sila sa mga opensibang operasyon at gawaing masa.



Ang pangunahing gawain ng BHB ay ang paglaban at paggapi sa kaaway. Ngunit gumagampan din ito ng ilan pang mahahalagang gawain, tulad ng propaganda at ahitasyon, pag-oorganisa sa masa at mga kampanya sa reporma sa lupa, produksyon, pagtataguyod ng kalusugan, gawaing pangkultura, pangmasang pagsasanay sa pananggol-sa-sarili at paglutas sa mga tunggalian sa hanay ng mamamayan.

Gayunman, upang makapagtakda ng mas malaking panahon para sa labanan, na may maiigsing panahon ng pahinga, dapat ipasa ng mga yunit ng BHB sa lalong madaling panahon sa mga organo ng kapangyarihang pampulitika at organisasyong masa ang mga gawain nito sa administrasyong sibil at gawaing masa. Naghahalinhinan sila sa mga takdang panahon sa pagitan ng pultaym na kombat, pagsasanay na pulitiko-militar, gawaing masa at produksyon.

Kapag nasa gawaing kombat, ang isang yunit ng BHB ay may maiikling panahon ng pahinga sa pagitan ng mga labanan. Ang panahong wala sa gawaing kombat ang isang yunit ay para sa pagkamit ng suportang masa at pagkalap ng kapakipakinabang na impormasyon ukol sa kaaway mula sa baseng masa at mula sa mga operatibang paniktik ng hukbong bayan.

Kahit inilarawan na natin sa itaas ang ating mga tagumpay at patuloy na mga gawain at layunin, dapat maging mulat tayo sa mga kamalian at kakulangan na dapat masaklaw ng mga paglalagom at ebalwasyon ng mga kumand sa pambansa, panrehiyon at panlarangang antas. Dapat maunawaan natin ang mga dahilan at sirkunstansya ng hindi-pantay na pag-unlad ng digmang bayan, kabilang na ang mga tagumpay, kabiguan, istagnasyon, at di-paggampan sa matagal nang itinakdang mga layunin sa pagsusulong ng digmang bayan sa direksyon ng estratehikong pagkapatas.

May ilang organo ng Partido at kumand ng hukbo sa antas rehiyon, subrehiyon at larangan na bigong magsagawa ng mga paglalagom at ebalwasyon at maglunsad ng signipikanteng opensiba laban sa kaaway. Hindi nila wastong inihahapag ang usapin at sa gayo'y hindi malutas ang mga ito. Mas malala pa, hindi sila nagsusumite ng napapanahong mga ulat at rekomendasyon sa mas matataas na organo para

makatulong ang mga ito. Ang mga nakatataas na organo ay hindi rin nagbibigay o hindi makapagbigay ng napapanahong direktiba at tulong.

Saan man may istagnasyon o pagkatigil at pagbawas ng mga pwersa at paglitaw ng mga anyo ng tunggalian, ang ilang namumunong kadre ay nagkakaroon ng mga kahinaan tulad ng konserbatismo, pagkakampante at pagkasya sa sarili sa gayong tigil na antas ng kaalaman at sirkunstansya. Taon-tao'y pinababayaan lamang nila ang mga bagay-bagay, o labis na pinalalaki ang bisa at epekto ng mga aksyon ng kaaway, nang hindi pinag-iisipan kung papaano isusulong ang gawain, palalakasin ang mga pwersa at ilulunsad ang mga taktikal na opensiba para sa pag-agaw ng armas mula sa kaaway. Ang mga iskwad at kalahating-iskwad ng hukbong bayan ay palaging nakakalat nang walang tiyak na sentro de grabidad para sa mga taktikal na opensiba sa pagsisikap na gampanan ang mga tungkuling dapat ay isinasabalikat ng mga rebolusyonaryong organo ng kapangyarihang pampulitika, organisasyong masa, milisyang bayan at yunit sa pananggol-sa-sarili. Sa pinakamalalang mga kaso, ang mga iskwad at kalahating-iskwad ng hukbong bayan ay nagiging mga grupo ng rebeldeng lagalag.


Sa antas ng buong bansa, rehiyon, subrehiyon, lalawigan, distrito at seksyon, ang Partido ang tagapagkoordina ng lahat ng pwersang rebolusyonaryo at iba't ibang anyo ng pakikibaka. Ang Partido sa naaangkop na antas ang nagbibigay sa BHB at mga lugar sa kanayunan ng mga kadre at aktibistang masa mula sa hanay ng mga manggagawa at nakapag-aral na kabataang nakabase sa lunsod.

Ang Partido ang nasa unahan at nasa ubod ng BHB. Sa loob ng BHB, ang sangay ng Partido ay nakabase sa platun at ang grupo ng Partido sa iskwad. Ang isang komite ng Partido ang namumuno sa mga yunit ng BHB mula sa antas ng kompanya pataas. Ang Partido sa pamunuan at bag-as ng BHB ang nagtitiyak na ang mga Pulang kumander at mandirigma ay nagiging mga kasapi ng Partido sa takdang panahon at nakatatanggap ng edukasyong pampulitika sa pang-araw-araw na batayan lampas sa panahon ng pagsasanay sa pulitiko-militar upang tiyaking napapananatili nila ang mataas na rebolusyonaryong diwa at nauunawaan nila ang rebolusyonaryong linya hinggil sa kasalukuyang mga pangyayari.

Sa pamumuno ng Partido, dapat isulong ng BHB ang sumusunod na mapanlabang tungkulin.

**1. Itaguyod ang pambansang soberanya ng mamamayang Pilipino at teritoryal na integridad ng Pilipinas.**

Dapat itaguyod at ipagtanggol ng BHB ang soberanya ng mamamayang Pilipino at teritoryal na integridad ng Pilinas, na ngayo'y nilalabag ng US at iba pang imperyalistang kapangyarihan. Hindi dapat pahintulutan ang mga ito na pagha-ti-hatian ang teritoryo ng Pilipinas sa proseso ng kolaborasyon at tunggalian.



Matagal nang nakinabang ang US sa matagumpay na agresyon nito laban sa rebolusyong Pilipino mula 1899, nang gawin nitong kolonya ang Pilipinas at pagkatapos ay malakolonya mula 1946 hanggang sa kasalukuyan. Patuloy itong nangingibabaw sa Pilipinas sa pamamagitan ng di-pantay na mga tratado, kasunduan at kaayusan sa estado ng lokal na reaksyunaryong mga uri ng malalaking kumprador at panginoong maylupa.

Kinokontrol ng US ang mga reaksyunaryong armadong pwersa at nagsasagawa ng interbensyong militar sa pamamagitan ng US-RP Military Assistance Agreement, Mutual Logistical Support Agreement at VFA, sa kabila ng paso na ang US-RP Military Bases Agreement noong 1991.

Gamit ang iba't ibang pagdadahilan, laluna ang tinaguriang digma laban sa terorismo, napanatili ng US ang papalaking presensyang militar sa Pilipinas. Ang pinakahuling pagkukunwang pagtatanggol sa Pilipinas mula sa China sa konteksto ng estratehikong pihit sa East Asia ay nagbigay daan sa US para makakuha ng mga baseng militar at forward location gamit ang papet na reaksyunaryong armadong pwersa bilang gwardya sa perimetro sa ilalim ng EDCA.

Dapat bigyan ng espesyal na pansin ng BHB ang mga baseng militar at *forward location* saanman itatayo ang mga ito. Dapat itong maggawaing masa upang agad silang ihiwalay at upang matuklasan ang mga paraan na malumpo at mawasak ang mga ito.

Iligal na inaangkin ng China ang mahigit 80 porsyento ng ekslusibong sonang pang-ekonomya ng Pilipinas at 100% ng pinahabang *continental shelf* ng West Philippine Sea. Nagsimula na itong manghimasok sa mga lugar na pag-aari ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga reklamasyon at iba pang palabang aksyon. Dapat bigyang pansin ng BHB itong mga lumalaking panghihimasok o pagbabanta sa soberanya ng mamamayan at teritoryal na integridad ng Pilipinas mula sa kapitalistang China.

**2. Sirain at lansagin ang mga empresang lumalabag sa pang-ekonomyang soberanya at pambansang patrimonya.**

Ang papet na gubyerno ng Pilipinas ay nakikipagsabwatan sa US, China, Japan at iba pang dayuhang kapangyarihan sa paglabag sa soberanyang pang-ekonomya at pambansang patrimonya ng mamamayang Pilipino. Dapat maglunsad ng mga operasyon na maglulumpo at maglalansag sa mga empresang pag-aari at kontrolado ng mga da-

yuhan na lumalabag sa soberanyang pang-ekonomya at pambansang patrimonya, kumakamkam sa mga lupa at kagubatan, mineral at pandagat na rekurso, pumipigil sa reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, lumalason sa lupa at mga katubigan at sumisira sa produksyon ng pagkain para sa mamamayan at sa kalikasan.

Dapat paglingkuran ng BHB ang mamamayang Pilipino sa paglaban sa mga paglabag na ito. Dapat itong kumilos bilang isang maaasahang armadong pwersang katihan para sa pagpigil, paglumpo at paglansag sa mga empresang lumalabag sa soberanyang pang-ekonomya at pambansang patrimonya.

Ang pangunahing mga target para sa mga operasyon ng BHB ay ang mga operasyon ng trosohan, minahan at plantasyon ng mga kumpanyang pag-aari at kontrolado ng mga dayuhan. Maaaring malumpo at malansag ang mga ito sa pamamagitan ng mga aksyon laban sa kagamitan, suplay ng enerhiya, tauhag panseguridad ng kumpanya at mga armadong detatsment na itinalaga ng gubyerno. Saklaw din ng pag-aresto at pagdetine para sa imbestigasyon at dagdag na aksyon ang mga upisyal ng kumpanya.

Ang mga hakbanging pamarusa na iginagawad ng BHB laban sa mga hindi katanggap-tanggap at palabang empresa ay maaaring maging paraan sa paghati ng armadong tauhan ng estado at pagpilit sa kanila na maggwardya sa mga mahinang pusisyon, paglalantad sa kanila bilang mga papet at mersenaryo ng mga dayuhang kumpanya at paglaban sa dagdag na mga paglabag sa soberanyang pang-ekonomya at pambansang patrimonya sa pamamagitan ng mga amyenda sa konstitusyon ng reaksyunaryong estado.

Dapat ring parusahan ng BHB ang malalaking burgesya-kumprador, panginoong maylupa at mga burukrata na sangkot sa walang-pakundangang paninira at pagbebenta sa pambansang patrimonya sa mga dayuhan, nagpapaalis, nagsasamantala at nagkakait ng kabuhayan sa mga magsasaka, setler at pambansang minorya.

**3. Ipagtanggol ang demokrasya at kumilos laban sa mga lumalabag sa karapatang-tao.**

Dapat panindigan, ipagtanggol at itaguyod ng BHB ang demokrasya at karapatang-tao. Dapat nitong igalang ang lahat ng batayang kalayaan at pundamental na karapatan, laluna ang kalayaan sa pag-iisip at paniniwala, ang kalayaan sa pagpapahayag at pagtitipon, ang kalayaan ng mamamayan sa pag-organisa ng sarili at ang karapatan sa nararapat na proseso sa batas.

Sa kabilang panig, dapat kumilos ang BHB laban sa mga lumalabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas, laluna yaong mga nagsasagawa ng pamamaslang, tortyur, pagdukot at iligal na pagbibimbin, ang sapilitang pagpapalikas at ebakwasyon ng mga komunidad sa pamamagitan ng mga masaker, panununog at iba pang anyo ng maramihang pananakot, at iba't ibang anyo ng sukdulang pang-aapi at pagsasamantala sa mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, pambansang minorya at aktibistang panlipunan.



Dapat makidigma ang BHB sa pinakamalalang lumalabag sa karapatang-tao na armado at mapanganib, unipormado mang mga tauhan ng kaaway o nakadamit-sibilyan. Ang pinagdududahang lumalabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas na naggigiit na sila'y sibilyan at walang sala sa mga kaso ay maaaring sumuko para sa imbestigasyon at maaaring paunang takdaan ng kinatawan na magtatanggol sa kanilang kaso.

Hanggat maaari, dapat arestuhin ng mga pwersa at yunit ng BHB ang mga suspek sa paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas para imbestigahan at kung sinusuportahan ng ebidensya, para sa pagsasakdal, paglitis at paghatol ng mga hukumang bayan at batay sa nararapat na proseso sa batas at mga internasyunal na pamantayan. Yaong mapatutunayang maysala ay dapat parusahan batay sa bigat ng kanilang kasalanan at yaong mapatutunayang walang sala ay palayain agad nang may nararapat na paggalang at pagtulong.

**4. Ipatupad ang reporma sa lupa bilang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon.**

Dapat magpunyagi ang BHB sa pagpapatupad ng minimum at maksimum na mga antas ng rebolusyonaryong reporma sa lupa o rebolusyong agraryo ayon sa umiiral na mga sirkunstansya kaugnay ng lakas ng rebolusyonaryong kilusan at ng mga pwersa ng kaaway.

Ang reporma sa lupa ang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon. Dapat nitong palayain ang magsasakang mayorya ng mamamayan sa ekonomya, lipunan, pulitika at kultura. Paraan ito upang kabigin ang matatag at militanteng suporta ng mga magsasaka para sa demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Nasa bentahe ng rebolusyon na ang mga reaksyunaryong nasa kapangyarihan ay lasing at nahuhumaling sa neoliberal na patakarang pang-ekonomya na hindi na sila nagkukunwaring naglulunsad ng reporma sa lupa at garapal na inaalis ang kakayahan ng mga walang lupa na makabayad sa presyo ng lupa na itinakda ng merkado.

Ang patakaran ng kaaway ay ang pagpapahintulot sa mga luma at bagong tipong panginoong may-lupa at tutok-sa-eksport na mga empresa sa pagmimina, agrikultura at pagtotroso na kamkamin ang lupa. Dapat na ipatupad ng BHB ang rebolusyonaryong reporma sa lupa nang higit na mapagpasya kaysa kailanman sa nakaraan. Dapat nitong lansagin ang mga empresang kumakamkam sa lupa at magamit ang mga ito para maisauli sa masang magsasaka, mapwestuhan at mapaunlad nila.

Sa prinsipyo, ang lahat ng lupa ay pag-aari ng bansang Pilipino at napaiilalim sa nasyunalisasyon bilang unang dikreto kapag nakamit na ang pambansang pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika. Ngunit dapat igalang ang hindi-pyudal na paggamit ng lupa ng mga lehitimong humahawak nito at ang libreng pamamahagi ng mga titulo sa lupa sa mga magsasakang walang lupa ay dapat mabigyan ng karampatang daan sa pagpapatupad ng reporma sa lupa bilang paghahanda sa antas-antas na pagsulong ng kooperasyong agrikultural.

**5. Isanib ang armadong pakikibaka sa rebolusyong agraryo at magpunyagi sa pakikidigmang gerilya.**

Dapat isulong ng BHB ang armadong pakikibaka kasanib ng rebolusyong agraryo at pagbubuo ng baseng masa. Dapat na yumabong ang mga organisasyong masa ng mga manggagagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, mga bata at mga aktibistang pangkultura. Dapat silang magsilbing matibay na pundasyon ng mga rebolusyonaryong organo ng demokratikong kapangyarihan. Saanman maaari, dapat organisahin ang mga ito hanggang sa antas ng munisipyo.

Dapat itong magpunyagi sa paglulunsad ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa batayan ng papalawak at papalalim na baseng masa. Hindi dapat na maging dahilan ang gawaing masa upang umiwas sa labanan, bagkus ay dapat itong maging paborableng salik sa pagsunggab sa inisyatiba upang makapaglunsad ng mga opensiba laban sa kaaway, at upang sansalain ang pagiging pasibo at maiwasan ang mga purong depensibong aksyon. Dapat na iluwal ng pakikidigmang gerilya ang pagkahinog ng estratehikong depensiba, ang panimulang pag-unlad ng regular na pakikidigmang makilos, at ang bungad ng estratehikong patas.

Ang layunin ay maparami at mapalawak ang kasalukuyang mga larangang gerilya at dalhin ang mga ito sa mas mataas na antas ng organisasyon sa ilalim ng direksyon ng mga pambansa, panrehiyon at pansubrehiyon na mga kumand. Ang mga elemento ng regular na pakikidigmang makilos ay dapat lumitaw habang dumarami ang bilang ng mga panlabang platun at kumpanya ng BHB sa isa, dalawa o tatlong kumpanya. Ang kabuuang bilang ng mga pultaym na mandirigma ng BHB ay dapat na umabot sa 25,000.

Dapat na paigtingin ng BHB ang mga taktikal na opensiba upang makasamsam ng mas maraming armas mula sa kaaway. Bilang paghahanda sa pagpaparami ng mga panlabang yunit ng BHB, dapat sanayin ang mga milisyang bayan at iba pang yunit pananggol-sa-sarili ng mga organisasyong masa tungo sa pagiging pultaym na mga mandirigma ng BHB, nang may pagbibigay prayoridad sa pagpapasampa ng mga kabataan. Pana-panahon at kapag kinakailangan, dapat maglunsad ng pulitiko-militar na pagsasanay upang ihanda ang mga kabataan sa pagsapi sa hanay ng mga pultaym na mga Pulang mandirigma.

Batay sa kasalukuyang lakas at kakayahan, dapat magkaroon ng mga tiyak na plano at malinaw na mga tuntunin sa pagsamsam ng armas, pagbuwag sa mga kontra-mamamayang empresa, at paglulunsad ng mga kampanya at operasyon sa malawak na saklaw at nang may pleksibilidad. Dapat ilunsad ang mga opensibang mahusay na pinagplanuhan upang samsamin ang mga armori ng kaaway.

Ang sumusunod na mahihinang bahagi ng kaaway ay dapat saklawin ng mga opensibang operasyon:

a) maliliit na detatsment ng AFP na relatibong mahina kumpara sa lakas ng BHB na pwedeng konsentrahan ng mga sorpresang atake;

b) mga istasyon ng pulis sa munisipyo at mga detatsment ng mga PNP *mobile brigade*;

c) mga paramilitar na yunit sa mga lokalidad;

d) mga tauhang panseguridad ng mga empresa sa pagmimina, plantasyon, at pagtotroso;

e) mga sindikatong kriminal na sangkot sa droga, pagnanakaw, *kidnap-for-ransom*, at mga katulad nito;

f) mga pribadong entidad na tumatangging ipagkaloob, isurender, o ibenta ang kanilang mga armas sa BHB.

**6. Paunlarin ang mga koordinado o sinkronisadong opensiba sa pambansa at panrehiyong mga antas ng kumand.**

Sa ilalim ng direksyon ng Komite Sentral ng Partido, at partikular ng Sentral na Komisyong Militar nito, dapat na paunlarin ang mga pambansa at rehiyunal na koordinado o sinkronisadong mga opensiba. Dapat na ilatag ang pambansang mga tuntunin para sa layuning ito. Pana-panahon, ang mga plano ay dapat na pagtibayin at ipatupad sa pambansa, panrehiyon, pansubrehiyon at panlarangang mga antas ng kumand, nang may buong pagsasaalang-alang sa kakayahan ng mga pwersa ng BHB at ng kaaway sa mga target na erya.


Ang mga alituntunin at plano ay dapat na tumutukoy sa mga target at nagbibigay-puwang sa pleksibilidad at nakakapagmantine ng inisyatiba sa loob ng isang digmang mabilis na nagbabago-bago. Dapat na ituon ng BHB ang konsentradong lakas sa mga opensiba laban sa pinakamahihinang bahagi ng kaaway at naglulunsad lamang ng mga labanang tiyak na maipagtatagum-

pay. Lahat ng pangunahing taktika sa konsentrasyon, pagdidispers, at paglilipat ay dapat gamitin batay sa pangangailangan at mga kalagayan. Sa kasalukuyan, ang platun ang batayang pormasyon ng BHB. Ang batayang pakat ng isang kumpanya ng BHB sa isang larangang gerilya ay dapat na isang platun bilang sentro de grabidad sa baseng gerilya at mga platun na pangunahing naggagawaing masa, na pana-panahong naka-dispers sa mga iskwad sa mas malawak na saklaw ng mga sonang gerilya.

Sa maraming pagkakataon, pinatunayan ng mga pwersa ng BHB na nagagawa nilang maglunsad ng opensibang aksyon laban sa isang bahagi ng kaaway at nakahandang gumamit ng mga *land mine* upang pasabugin at ambusin ang mga sumasaklolong pwersang militar o pulis. Ang taktikang ito ay paulit-ulit na magagamit upang akitin ang mga pwersa ng kaaway patungo sa kanilang libingan. Ang isa pang taktika ay ang pag-atake sa isang bahagi ng kaaway ngunit pagkonsentra ng atake sa isa pang mahinang bahagi ng kaaway na walang posibilidad na agad na masaklolohan.

Kapag nagtangka ang kaaway na kunin ang inisyatiba at maglunsad ng mga konsentradong atake sa alinmang larangang gerilya o rehiyon, dapat na gamitin ng mga pwersa ng BHB ang mga batayang taktikang gerilya gayundin ang mga mas abanteng taktikang gerilyang napapaunlad na ng BHB. Maaaring isagawa ng BHB ang mga taktika sa kontrakubkob at kontraopensiba, laluna pagkatapos na ibunyag ng kaaway ang kanyang pakat, mga kakayahan at mga kahinaan.

Bawat kumand at yunit ng BHB na nakokonsentrahan ng atake ng kaaway ay dapat na laging magmantine ng mataas na diwang opensiba at samantalahin ang pagkakataong napapasok natin ang kaaway sa kalupaang bentahe para sa ating mga pwersang gerilya. Sa gayon, ang mga pwersa ng kaaway ay nagsisilbing mga tagahatid at mga *supply officer* ng BHB sa pamamagitan ng pag-deliber ng kanilang mga sarili at kagamitan patungo sa BHB.



Ngunit lagpas pa rito, ang mga kumand at yunit ng BHB na hindi kinokonsentrahan ng atake ng kaaway o kaya'y kaunti ang pwersa ng kaaway ay dapat na magpaigting ng kanilang mga opensiba upang mapaluwag ang mga kasama sa ilang lugar na kinokonsentrahan ng atake at samantalahin ang pinaliit na pwersa ng kaaway sa kanilang mga erya.

Ang kasalukuyang reaksyunaryong eleksyon sa bansa ay magandang pagkakataon para maglunsad ang BHB ng mga taktikal na opensiba upang idiin na ang armadong rebolusyon ang tanging paraan upang wakasan mga kasamaan ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo, at kamtin ang tunay na pambansang kasarinlan at demokrasya.

**7. Mag-ambag sa pagpapaunlad ng isang pambansa, siyentipiko, at pangmasang kultura.**

Dapat na maging mulat ang mga kumander at mandirigma ng BHB na mag-ambag sa pagpapaunlad ng isang pambansang rebolusyonaryong kultura. Ang kanilang mga rebolusyonaryong tagumpay sa labanan at gawaing masa para sa bansa at mamamayang Pilipino ay labis na pinahahalagahan at pinakamamahal. Dapat patuloy na ipagbunyi ng mga propagandista at manggagawang pangkultura ang mga Pulang kumander at mandirigma bilang mga bayani ng rebolusyong Pilipino kaagapay ang mga manggagawa at magsasaka.

Walang bansang Pilipinas na maituturing kung hindi dahil sa mga rebolusyonaryong bumangon laban sa kolonyalismong Espanyol at kasunod na imperyalismong US. Ang mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB ay nagmumula sa gayong tradisyon at itinataas ang antas ng tradisyong ito tungo sa paglaban para sa isang bagong-demokratikong rebolusyon bilang paghahanda sa rebolusyong sosyalista.

Ang mga baseng gerilya sa malawak na kanayunan na nasa ilalim ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika ay nagsisilbing mga rebolusyonaryong pangkulturang moog sa pagpapaunlad ng pambansa, siyentipiko, at pangmasang kultura. Sa ilalim ng pamumuno ng Partido, ang BHB ay dapat na masikhay na labanan ang burges na neoliberal na opensiba sa kultura habang iwinawaksi ang atrasadong pyudal na kultura sa kanayunan.

Sa ilalim ng teoretikal na gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at ng makauring pamumuno ng proletaryo, itinatakda ng siyentipikong diwa ng BHB na tipunin ang kaukulang lakas upang ipagtagumpay ang rebolusyon at magtayo ng lipunang gumagamit ng siyensya at teknolohiya upang ipagtanggol ang bayan, ibayong bigyang-kapangyarihan ang mamamayang Pilipino, paunlarin ang ekonomya, at paunlarin ang pakikipagkaisa ng sambayanan sa iba pang mamamayan ng daigdig.

**8. Ipagtanggol ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili, lupaing ninuno, at pangkulturang pagkakakilanlan ng mga pambansang minorya.**

Dapat na ipagtanggol ng BHB ang karapatan ng mga pambansang minorya sa pagpapasya-sa-sarili, lupaing ninuno, at pangkulturang pagkakakilanlan. Ang mga pambansang minorya ay tumanggap at sumama sa mga rebolusyonaryong pwersa, laluna sa BHB, upang mas mabisang lumaban para sa kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili at lupaing ninuno laban sa samutsaring mga pakana na umaagaw

ng kanilang mga lupa at kabuhayan, dumadambong sa nasasaid na yamang mineral, kumakalbo sa mga kagubatan at nagtatayo ng mga plantasyon para sa mga pananim na pang-eksport.

Malalim ang ugat ng lakas ng BHB at ng buong rebolusyonaryong kilusan dahil sa aktibong paglahok at pagsuporta ng mga pambansang minorya. Ang mga pambansang minorya ay may mahabang kasaysayan ng paglaban sa mga dayuhang mananakop. Ang kanilang mga mandirigma na sumapi sa BHB ay kabilang sa pinakamahuhusay na mga Pulang kumander at mandirigma.

May ilang hukbo ang mamamayang Moro laban sa mapang-aping gubyernong nakabase sa Maynila. Mayroong pormal at gumaganang alyansa ang NDFP at MILF. Gayundin, ang MNLF ay dati nang may obhetibo at di-pormal na pakikipagalyansa sa NDFP. Isang katanggap-tanggap na alyado ang BIFF laban sa iisang kaaway. Alinmang mapang-aping rehimen sa Maynila ay mayayanig at babagsak kung ang mga hukbo ng mamamayang Pilipino at ng Bangsamoro ay magkakasundong ikoordina o isinkronisa ang kanilang mga opensiba.

**9. Kamtin ang suporta ng mga Pilipino sa ibayong dagat para sa BHB at sa digmang bayan.**

Sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan upang makamit ang pambansang kalayaan at demokrasya, inaani ng BHB ang suporta ng mamamayang Pilipino, kabilang na ang mga kababayan na nangibang-bansa para magkatrabaho. Ngunit dapat na magbuhos ng tiyak na mga pagsisikap upang kamtin ang suporta ng mga Pilipino sa ibayong dagat para sa hukbong bayan at sa digmang bayan. Relatibong madaling makuha ang suportang ito dahil ang mga Pilipino sa ibayong dagat ay nagmumula sa iba't ibang bahagi ng bansa kung saang lumalakas ang armadong rebolusyonaryong kilusan.

**10. Suportahan ang pandaigdigang anti-imperyalistang pakikibaka ng mamamayan ng daigdig at kamtin ang kanilang suporta para sa rebolusyong Pilipino.**

Ang mamamayang Pilipino at ang BHB ay nagsusulong ng digmang bayan bilang internasyunalistang tungkulin nito sa pagsuporta sa pakikibaka ng mamamayan ng daigdig laban sa imperyalismo at reaksyon. Sila ngayon ang nasa unahan ng anti-imperyalista at demokratikong pakikibaka. Nagsusulong sila ng makatarungang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya. Ilang rebolusyonaryong organisasyon at mga katulad na inaapi at pinagsasamantalahang mamamayan mula sa ibang bansa ang nagsikap na matuto mula sa karanasan at praktika ng BHB, laluna sa katatagan at pag-asa nito sa sarili sa pagsusulong ng digmang bayan. Sa ganitong dahilan, ang mamamayan ng daigdig ay nakahandang magbigay-suporta sa mamamayang Pilipino at sa Bagong Hukbong Bayan. AB